

## **Umiiral at binabalak na mga panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi**

### **Kagawaran ng Supply ng Tubig**

Ang Kagawaran ng Supply ng Tubig (WSD) ay nagbibigay ng kalidad at maaasahang supply ng tubig sa higit 99.9% ng populasyon sa Hong Kong anuman ang kanilang pinagmulang lahi. Ang mga aplikasyon para sa supply ng tubig o mga katanungan kaugnay sa mga account ng mga kustomer at ibang mga serbisyo sa supply ng tubig ay maaaring gawin sa aming limang Sentro para sa Katanungan ng Kustomer (mga CEC) sa pagpunta o sa pagtawag sa Sentro para sa Katanungan ng Kustomer sa Telepono (CTEC). Sinisikap naming mabigyan ang aming mga kustomer na magkakaibang lahi ng pantay na paglapit sa aming mga serbisyo sa mga CEC at CTEC.

#### **(A) Mga CEC**

Ang limang mga CEC ay nagbibigay ng mga serbisyo mula 8:30am hanggang 6:30pm, Lunes hanggang Biyernes, at sarado tuwing Sabado, Linggo at mga pampublikong holiday. Ang address ng mga CEC ay nakalista sa ibaba-

- Wan Chai CEC – 1/F, Immigration Tower, 7 Gloucester Road, Wan Chai
- Tai Kok Tsui CEC – G/F, 41 Tit Shu Street, Tai Kok Tsui
- Sha Tin CEC – 3/F, Sha Tin Government Offices, 1 Sheung Wo Che Road, Sha Tin
- Tai Po CEC – 4/F, Tai Po Government Offices, 1 Ting Kok Road, Tai Po
- Tuen Mun CEC – 7/F, Tuen Mun Government Offices, 1 Tuen Hi Road, Tuen Mun

Mga Serbisyon  
May Kinalaman

- Ang mga CEC ay nagbibigay ng one-stop na mga serbisyo sa aming mga kustomer para sa aplikasyon ng supply sa tubig at mga katanungan kaugnay sa mga account ng kustomer at iba pang mga serbisyo sa supply ng tubig.

Umiiral na Mga  
Panukala

- Habang ang mga serbisyo ng CEC ay karaniwang ibinibigay sa Tsino at Ingles, ang mga polyeto ng impormasyon sa walong magkakaibang wika para sa mga

kustomer na magkakaibang lahi kabilang ang Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Punjabi, Tagalog, Thai, Urdu at Vietnamese ay inilagay sa mga lugar na madaling makita at makukuha sa mga counter ng CEC upang itaguyod ang libreng serbisyong interpretasyon sa pamamagitan ng hotline ng Serbisyong Interpretasyong Pantelepono (TELIS) ng Sentro Para sa Etniko Minorya (CHEER). Para sa mga kustomer na hindi nakapagsasalita ng Tsino o Ingles, ang mga kawani ng CEC ay tutulong na tatawag sa TELIS ng CHEER upang magbigay ng libreng serbisyong interpretasyon sa mga kustomer.

Pagtatasa ng Gawain sa Hinaharap

- Pana-panahong susuriin ng WSD ang mga serbisyo ng mga CEC para sa mga kustomer na magkakaibang lahi at gagawa ng pagpapabuti kung kinakailangan.

Mga Karagdagang Panukalang Ipinatupad/ Ipatutupad

- Ang WSD ay magbibigay ng pagsasanay sa mga kawaning nasa mga CEC sa pagbibigay ng mga serbisyo sa mga kustomer na magkakaibang lahi kabilang ang libreng serbisyong interpretasyon ng CHEER sa pamamagitan ng TELIS.

## **(B) CTEC**

Ang CTEC ay nagbibigay ng 24-oras na serbisyo sa hotline buong taon. Ang numero ng hotline para sa katanungan ay 2824 5000.

Mga Serbisyong May Kinalaman

- Ang CTEC ay nagbibigay ng mga serbisyong pantelepono sa aming mga kustomer para sa mga aplikasyon para sa supply ng tubig at mga katanungan kaugnay sa mga account ng kustomer at ibang mga serbisyo sa supply ng tubig.

Umiiral na Mga Panukala

- Para sa mga kustomer na hindi nakapagsasalita ng Tsino o Ingles, ang mga kawani ng CTEC ay tatawag sa TELIS ng CHEER upang magbigay ng libreng serbisyong interpretasyon sa mga kustomer.

Pagtatasa ng

- Pana-panahong susuriin ng WSD ang mga serbisyo ng

Gawain sa  
Hinaharap

CTEC para sa mga kustomer na magkakaibang lahi at gagawa ng pagpapabuti kung kinakailangan.

Mga  
Karagdagang  
Panukalang  
Ipinatupad/  
Ipatutupad

- Ang WSD ay magdaragdag ng panibagong pagpipilian sa wika “4 – Mga Ibang Wika” sa hotline para sa pagpili ng mga kustomer na hindi nakapagsasalita ng Tsino o Ingles. Sa pamamagitan ng pagpindot ng “4”, ang mga tawag ay direktang ililipat sa hotline ng TELIS ng CHEER para sa pagbibigay ng libreng serbisyong interpretasyon sa mga kustomer.

- Ang WSD ay magbibigay ng pagsasanay sa mga kawaning nasa CTEC sa pagbibigay ng mga serbisyo sa mga kustomer na magkakaibang lahi kabilang ang libreng serbisyong interpretasyon ng CHEER sa pamamagitan ng TELIS.

Para sa mga katanungan tungkol sa mga umiiral at binabalak na mga panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi, mangyaring makipag-ugnay sa Nakatataas na Engineer/Headquarters sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan -

Telepono : 2829 4709  
Fax : 2824 0578  
Email : [wsdinfo@wsd.gov.hk](mailto:wsdinfo@wsd.gov.hk)  
Address sa Koreo : 48/F, Immigration Tower, 7 Gloucester Road, Wan Chai, Hong Kong

**Kagawaran ng Supply ng Tubig  
Mayo 2020**